# Gabay sa Pagtatayo ng mga Yunit Pananggol sa Sarili sa mga Baryo (YPB)

Ang mga yunit pananggol sa sarili sa baryo (YPB) tulad din ng milisya ay pormasyong panlaban ng BHB sa hanay ng mamamayan. Mula sa Ikawalong Alituntunin ng BHB tungkol sa mga anyo ng sandatahang lakas ng bayan ay isinasaad ang ganito:

> Punto 1. Ang Bagong Hukbong Bayan ay sasaklaw sa mga sumusunod na anyo ng mga panlabang yunit:
>
> a. mga regular na pwersang makilos
>
> b. mga yunit ng gerilya
>
> k. mga yunit ng milisya at pananggol sa sarili
>
> d. mga sandatahang partisanong lunsod.
>
> Punto 4. Ang mga yunit ng milisya at pananggol sa sarili ay bubuuin ng mga nagpapatuloy sa kanilang pang-araw-araw na produktibong pamumuhay. Sila ang pangunahing gagampan ng tungkulin sa depensa habang nagsisilbing malawak na reserba at suporta sa mga regular na pwersang makilos at mga yunit ng gerilya.

Inilinaw ni Mao sa kanyang artikulong *Hinggil sa Pakikidigmang Gerilya* na isinulat niya noong 1937 at inilathala sa Ikaanim na Bolyum ng Mga Piling Sulatin ni Mao ang batayang pangangailangan at prinsipyo sa pagtatayo ng mga anti-Hapong yunit pananggol sa sarili:

> Lahat ng mamamayan, anuman ang kasarian, mula sa edad 16 hanggang 45 ay dapat organisahin sa anti-Hapong yunit pananggol sa sarili, na nakabatay sa boluntaryong serbisyo. Bilang unang hakbang, dapat silang mangalap ng sandata at pagkatapos ay bigyan ng pagsasanay pampulitika at pangmilitar. Ang mga responsibilidad nila ay: pagsesentri, pangangalap ng impormasyon tungkol sa kaaway, pag-aresto sa mga traydor at pagpigil sa pagkalat ng propaganda ng kaaway. Kapag ang kaaway ay naglunsad ng isang kampanya ng pagsugpo sa mga pwersang gerilya, ang mga yunit na ito, na armado ng anumang sandatang mayroon sila, ay itinatalaga sa tiyak na mga erya para linlangin, sagkaan, at i-haras ang kaaway. Sa gayon, naaasistihan ng mga yunit pananggol sa sarili ang mga gerilyang kombatant. Mayroon din silang iba pang mga tungkulin. Sila ang nagpapadala ng mga tagabuhat ng istretser para ibyahe ang mga sugatan, ng mga tagahatid ng pagkain sa tropa, ng mga misyong pag-aaruga sa tropa sa pamamagitan ng tsaa at kanin. Kung ang isang lokalidad ay makakapag-organisa ng katulad ng inilarawang mga yunit pananggol sa sarili, hindi makakapagtago ang mga traydor ni makakadistorbo sa kapayapaan ng mamamayan ang mga bandido at magnanakaw. Sa gayon, ang mamamayan ay patuloy na nag-aasiste sa mga gerilya at nagsusuplay ng tauhan sa ating regular na mga hukbo. Ang pagtatayo ng mga yunit pananggol sa sarili ay isang transisyunal na hakbang sa pagpapaunlad ng unibersal na konskripsyon. Ang mga yunit na ito ay bukal ng lakas-tauhan para sa mga karaniwang pwersang panlaban.

Ang pagtatayo natin ng mga YPB ay nakabatay sa boluntaryong pagsapi. Pagkilala ito sa sitwasyong magkakaiba pa ang antas ng kamulatan at kahandaan ng ating baseng masa at di pa pwedeng lahat ay obligahing direktang mapakilos sa digma. Sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga YPB ay napag-iibayo pa ang mobilisasyong masa para sa digma, nasisinsin ang organisasyong militar sa hanay ng mamamayan at nailalapit natin ang ating baseng masa sa prinsipyo ng unibersal na konskripsyon.

Kwalipikadong maging kasapi ng YPB ang sinumang may mahusay na pangangatawan at hustong isip, nasa hustong gulang at handang pumailalim sa alituntunin at disiplina ng

BHB. Pangunahing rereklutahin ang YPB mula sa rebolusyonaryong organisasyong masa na nakatayo sa baryo.

Ang mga YPB ay itinatayo kapag nasa antas na ng konsolidasyon ang gawaing masa sa baryo. Ibig sabihin ay nakabuo na ang mga komiteng pang-organisa ng mamamayan sa baryo o di kaya ay naitayo na ang mga ganap na samahang masa, may nakatayo ng milisya at may sangay na ng Partido sa baryo.

Ang mga YPB ay itatayo bilang mga tim ng 3-5 katao sa bawat purok at sityo ng baryo o sa anumang nakikitang kinakailangang dibisyon ng baryo para sa depensa na pagpapasyahan ng sangay sa baryo. Bibigyan sila ng karampatang pagsasanay na pampulitika at pangmilitar upang mahusay nilang magampanan ang kanilang mga tungkulin.

Ang mga YPB, tulad ng milisya ay tuwirang pinamumunuan ng sangay ng Partido sa baryo. Titiyakin ng sangay ang pag-aaral pampulitika at pang-ideolohiya ng mga YPB, gayundin ang mga patakaran at programa para sa mga YPB.

Ang mga YPB bilang bahagi ng Bagong Hukbong Bayan ay pangunahing itinatayo para sa organisadong pagdedepensa ng mamamayan sa kani-kanilang baryo. Tungkulin nilang sumuporta sa mga gawain ng milisya. Ang YPB ay nasa ikalawang linya ng reserba ng mga pangunahing panlabang yunit ng BHB.

Tungkulin ng mga YPB ang sumusunod:

1. Pangangalaga sa kaligtasan ng mga organisasyong masa at baryo laban sa mga ahente ng kaaway at mga traydor. Ipapatupad nila ito sa pamamagitan ng:

a. pagsubaybay at pag-alam sa mga layunin ng mga labas-masok ng mga dayong elemento sa baryo sa kani-kanilang takdang purok o sektor sa baryo;

b. pagsubaybay sa kilos ng mga suspetsadong elemento sa baryo sa kani-kanilang takdang purok o sektor sa baryo;

2. Pangangalaga sa kaligtasan ng baryo kapag may operasyon ang kaaway

a. pag-alarma sa masa sa kanilang purok na saklaw tungkol sa kilos ng kaaway sa pamamagitan ng iba't ibang angkop na paraan tulad ng signal na biswal o tunog o pasa-pasa ng impormasyon;

b. pangunguna sa pagsasaayos ng ligtas na taguan at pagtatago ng mga ilegal na kagamitan sa kanilang saklaw na purok sa baryo kapag may kilos ang kaaway;

k. paggampan ng gawaing sentry at posting kaugnay ng mga pulong ng mga samahan, ng sangay, kapag nariyan ang hukbo o pangkalahatang asembleya na may iba't ibang katangian;

d. paghahanda ng mga ligtas at sikretong rutang lusutan ng mga yunit gerilya ng BHB papasok at palabas sa baryo;

3. Sumuporta sa mga tungkulin ng milisya sa baryo kabilang na ang pangangalaga sa kaayusan at katahimikan ng baryo at laban sa mga aktibidad ng masasamang elemento;

4. Magsilbing isang bisig sa pag-monitor sa pagpapatupad sa mga patakarang antipyudal at iba pang patakaran ng demokratikong gubyernong bayan laban sa mga kaaway sa uri.

5. Magsilbing marshall sa masang mamomobilisa sa kanilang saklaw sa mga aksyong masa

sa hayag;

6. Tumuwang sa milisya upang sumuporta sa mga pangangailangan sa likuran (rear) ng mga yunit ng BHB tulad ng  pagkakampo, pangangalaga sa sugatan at maysakit, tulong sa paghahanda at aktwal na pagsuporta sa mga aksyong militar ng BHB at iba pang tungkuling iaatas ng pwersang gerilya ng BHB na kumikilos sa larangang gerilya.

7. Magsilbing reserbang pwersa ng mga yunit gerilya ng BHB.

Magtatalaga ng tim lider at pangalawang tim lider ang bawat YPB sa purok o sityo ng baryo.

Ang sentro de grabidad ng BHB sa baryo ay ang milisya. Segundaryong pwersa naman sa baryo ang mga YPB na nakabase sa purok o sityo. Maaaaring ikumand ng milisya ang mga YPB kung kinakailangan para mahusay na masuportahan ang mga tungkulin ng milisya. Tungkulin din ng milisya na ikoordina ang kilos ng mga YPB sa iba't ibang purok at sityo ng baryo. Maaaring magpatawag ng pulong ang kumand ng milisya na kasama ang mga tim lider at/o pangalawang tim lider ng mga YPB sa baryo. Tutulong din ang milisya sa pagbibigay ng pagsasanay na pampulitika at pangmilitar sa mga YPB.

Gayunman maaaring ikumand nang tuwiran ng platun ng BHB sa erya ang milisya at YPB sa baryo.

Ang mga komite sa depensa ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa baryo ay pwedeng mobilisahin ng milisya at YPB kung kinakailangan upang magampanan nito ang kanyang mga gawain nang may karampatang koordinasyon sa pamunuan ng rebolusyonaryong organisasyong masa at sangay sa baryo.

Ang mga komite sa depensa sa baryo, kaiba sa mga YPB ay hindi pormasyong gerilya ng BHB sa hanay ng mamamayan. Ito ay depinidong istruktura sa loob ng rebolusyonaryong organisasyong masa na nagtitiyak sa pangangalaga sa kaligtasan ng rebolusyonaryong organisasyong masa. Saklaw ng mga tungkulin nito ang pagtiyak sa kaligtasan ng mga pulong ng rebolusyonaryong organisasyong masa at pamunuan nito; pagtatakda ng sistema ng pagkokoda para sa mga sensitibong impormasyon na may kinalaman sa rebolusyonaryong organisasyong masa; pagtatakda ng sistema ng pagtatabi ng mga ilegal at sensitibong dokumento ng rebolusyonaryong organisasyong masa; pagsasaayos ng sistemang marshall ng rebolusyonaryong organisasyong masa kapag dumadalo sa mga hayag na pagtitipon o aksyong masa; paghahanda ng depensa ng rebolusyonaryong organisasyong masa at mga kasapi nito sakaling gumawa ng mga panggigipit ang kaaway at kapag nagsagawa ng interogasyon ang kaaway; sumuporta sa mga gawain ng milisya at mga YPB.

Ang milisya at YPB ang bag-as ng pwersang pananggol sa sarili ng masa at tumutulong para sa organisado at lubos na mobilisasyon sa pagtatanggol ng mamamayan kapag inaatake ng kaaway.

(Isinaayos ng KTKS batay sa mga amyenda ng KPKS Setyembre 2004 ang dokumentong unang ipinamahagi ng Cosmo sa titulong Gabay sa Pag-organisa ng mga Yunit Depensa sa Baryo sa Granite.)